# Modyul 2
# Pagsusuri ng Dula Batay sa Iba't ibang Kumbensyon



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na? Naging kawili-wili ba ang nakaraan mong aralin? Mainam. Ngayon ay panibagong aralin na naman ang iyong pag-aaralan. Tiyak na maiibigan mo ito sapagkat naghanda ako ng iba't ibang gawaing sadyang kapaki-pakinabang at hahamon sa iyong kakayahan.

Ikaw ba ang taong madaling panghinaan ng loob kapag may dumarating na problema o ikaw ang taong optimistiko na naniniwalang basta't may problema, may solusyon. Ang buhay sa mundo ay pakikipagtunggali. Kadalasan ang mahina ang nagagapi. Upang ito'y maiwasan kailangang maging matibay at matatag sa lahat ng oras. Harapin ang problema at huwag itong tatalikuran. Magkaroon ng matatag na pananalig sa Diyos, magsumikap ka at ikaw ay magtatagumpay.


Bawat isa sa atin ay nakadaranas ng iba't ibang pagsubok sa buhay. Dumarating ang simpleng problema lamang o kaya'y matindi at mabigat na halos di na natin kayang dalhin. Kung iisipin nating hindi tayo pababayaan ng Panginoon, makakaya natin itong lutasin. Ang taong may positibong pananaw sa buhay ay di nahihirapan sa pagdadala ng kanyang mga problema, bagkus nagsisilbing hamon ang mga ito para lalo silang makibaka sa buhay.

Ngunit may mga taong kapag nasangkot sa suliraning panlipunan, inapi at pinagkaitan ng katarungan, nawawalan ng kahinahunan at nakagagawa ng marahas na pagpapasya at matindi pa rito, inilalagay nila ang batas sa kanilang mga kamay. Negatibong emosyon ang galit kayat alisin sa ating dibdib. Sinabi ng Panginoon "Akin ang paghihiganti." Ang Panginoon ay Diyos ng katarungan. Hindi Siya kumikiling kaninuman laban sa mahihirap, sa halip agad dinidinig ang naaapi. Kung iyan ang sinasabi sa Biblia hinggil sa pagiging makatarungan ng Panginoon ay bakit pa tayo magagalit? Mahirap gawin ngunit siyang nararapat. Makakamtan din ng mga taong naaapi ang katarungan basta't maghintay lamang sila pagkat hindi natutulog ang Diyos. Ito ang pinakadiwa ng dulang iyong babasahin. Ang Moses, Moses na isinulat ni Rogelio Sikat.



## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa/pag-unawa sa iba't ibang genre ng panitikan.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Gabay sa pansariling pagkatuto ang modyul na ito. Gagamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang iyong paggamit, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga gagawin.

Huwag kang mag-alala. Sundin mo ang mga sumusunod:

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging Ano Ba Ang Alam Mo? Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa tulong ng susi na nasa iyong guro, iwasto mo ang iyong sagot. Kung nagkaroon ka man ng maraming mali, huwag kang mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Pag-aralan mo ang paksang-aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano dapat gawin.

4. Tingnan kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi na nasa iyong guro. Maging matapat sa pagwawasto.

5. Gamitin mo nang wasto ang modyul. Kaibigan mo ito! Sagutan mong mabuti. Huwag mong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na papel o kaya notbuk.

6. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka na rin dito



## *Ano na ba ang alam mo?*

Huwag kang matakot sa pagsusulit na ito. Layon ng pagsusulit na ito na masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot sa bawat bilang.

1. Umiwas siya sa <u>nag-uusisang mga mata</u> ng anak.
   Ang may salungguhit ay nangangahulugan ng :

   a. nanunuri　　　b. nagtatanong
   c. nandidilat　　　d. nagagalit

2. Tila sinusundan sila ng trahedya kahit saan sila magpunta. ang pahayag ay nangangahulugan ng:

   a. laging may kalungkutan
   b. di nawawala ang problema
   c. nakararanas ng kaligayahan
   d. nagtatagumpay sa buhay

3. Iyon lamang malalakas ang nagkakaroon ng hustisya. Ang tinutukoy sa pahayag ay yaong

   a. mga pulis
   b. mayayaman
   c. mga pari
   d. matatalino

4. Sadyang ang mahihina ay walang kalaban-laban sa malalakas at makapangyarihan sa pamahalaan. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahiwatig ng kaisipang katulad ng pahayag.

   a. Walang mang-aapi kung walang nagpapaapi
   b. Ang mahihirap ay tulad ng palayok na nakikipagsalpukan sa kalderong bakal pagdating ng katarungan
   c. Dinadaig ng mayayaman ang mahihirap
   d. Ang mahihirap ay walang lakas na lumaban sa mga makapangyarihan

5. "Alisin ang paghihiganti sa iyong isipan; ang ginawa niya sa iyo ay nasa Kanya ng timbangan." Mahihiwatig sa pahayag na:

   a. Huwag mong ilagay ang batas sa iyong mga kamay
   b. Labanan ang masasama nang di ka aapi-apihin
   c. Nasa Diyos ang paghihiganti
   d. Panginoon ng katarungan ang Diyos

6. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapahiwatig ng positibong pananaw?

   a. Kapag may katuwiran ipaglaban mo nang buong tapang
   b. Umaasa akong mananaig din ang katarungan sa tulong ng Maykapal
   c. Kung mahirap ka, magtiis ka!
   d. Sa paningin ng ating batas, hindi magkakapantay ang lahat

7. Nagwakas ang mga pangyayari sa dula sa isang:

   a. kapahamakan
   b. komedya
   c. trahedya
   d. katatawanan

8. “Dalhin ninyo ako kahit saan. Pananagutan ko ang pagkamatay ng aking anak. Sasabihin ko sa lahat na pinatay ko ang sarili kong anak!” Ang pahayag ay kumbensyong:

   a. monologo    b. soliloquy
   c. aside    d. diyalogo

9. Sa harap ng matinding pagsubok at kabiguan di ka makagagawa ng marahas na pagpapasya kung:

   a. matibay ang pananalig mo sa Diyos
   b. wala kang tiwala sa sarili
   c. mahina ang iyong kalooban
   d. palaasa sa ibang tao

10. Kung positibo ang ating pananaw sa buhay, malalampasan ang lahat ng _____ sa buhay.

   a. kapintasan    b. pagsubok
   c. katiwalian    d. hangarin

Iwasto mo ang iyong sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

- Naging madali ba sa iyo ang pagsusulit? Aling bahagi ang madali para sa iyo at aling bahagi naman ang mahirap? Huwag kang mag-alala, panimula pa lamang naman iyan. Sinusukat lamang ang taglay mong kaalaman tungkol sa paksa. Tutulungan kitang maipaunawa sa iyo ang iba’t ibang kasanayang dapat mong matutunan at ang magagandang ugaling makapagpapaunlad ng iyong katauhan sa pamamagitan ng mga gawaing aking inihanda.

# V. Aralin 1: Moses, Moses

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod na mga kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga piling salita at pahayag na ginamit sa akda

2. a. Naibibigay ang mahahalagang pangyayari sa akda

   b. Nahihinuha ang mga pahiwatig na pahayag sa akda at nabibigyang kahulugan

3. Nasusuri ang dula batay sa iba't ibang kumbensyon nito

4. Napatutunayan ang kahalagahan ng katatagan at kahinahunan sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay

5. Nakasusulat ng isang monologo na naglalahad ng solusyon sa problemang panlipunan at pampulitikang kinakaharap ng ating bansa

- Bago mo basahin at suriin ang nilalaman ng dula, isagawa mo muna ang panimulang gawaing inihanda ko na pupukaw sa iyong interes ukol sa nilalaman ng dula.

Nakahanda ka na ba?

Simulan mo na?

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

### 1. Alamin mo…

Basahin at damahin mo ang mensaheng hatid ng sumusunod na pahayag sa loob ng kahon. Pagkatapos, isulat mo ang tamang titik ng angkop na damdaming ipinahihiwatig nito.

a. pagkamahinahon
b. pagtataka
c. panghihikayat
d. pagkagalit
e. pagbabanta

Lintik lang ang
walang ganti!
magkita na lang
tayo sa husgado.

Huminahon ka!
Ang lahat ay
Makukuha sa
Mabuting usapan!

Bakit ganoon, kung
sino pa ang naagrabyado
siya pa ang mabibilanggo?
Nasaan ang hustisya?

Hindi mo ba alam
na ngayon pa lang
ay sinusunog na
ang iyong kaluluwa
sa impyerno! Isa
kang kriminal!

Wala kang mapapala
Sa usaping yan!
Malakas at maimpluwensya
ang kalaban!
Makipag-areglo ka na lang!

- Hingin mo sa iyong guro ang susi ng sagot at iwasto mo ang iyong gawain.

**2. Basahin Mo…**

Nasiyahan ka ba sa inihanda kong gawain ? Ang natapos mong gawain ay may kinalaman sa dulang iyong susuriin. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman nito.

Handa ka na ba?

Simulan mo na ang pagbabasa.

**Moses, Moses**
Rogelio Sicat

Mga Tauhan:
Regina Calderon – 48, balo, isang maestra
Tony – panganay niyang anak, estudyante
Aida – 18, anak niyang babae, estudyante
Ana – 46, matandang dalaga, kapatid ni Regina
Ben – 16, bunsong anak ni Regina, estudyante
Ang Alkalde
Ang Konsehal
Mga Pulis

Panahon:  Kasalukuyan

Tagpo:  *Apartment* sa isang lungsod sa Rizal, sa isang komunidad na masasabing *middle class*. Maraming bagong bahay rito, nakatayo sa mga loteng nabili noong 1950 at ngayo'y nagkakahalaga na ng malaki sa pamilihan ng lupa.  Tahimik dito, malayo sa daanan ng pampasaherong sasakyan, mapuno at mahalamang hindi katulad ng ibang subdibisyon.  Aspaltado ang malinis na kalsada at may ilaw na *mercury* ang mga poste.  Karaniwan nang ang naninirahan dito ay mga empleyado ng gobyerno.

Sa sala at sa komedor ng *apartment* na ari ni Mrs. Calderon mangyayari ang dula.  Isa sa apat na pinto, malaki-laki rin ang *apartment* na ito, puti ang pinta, yari sa mahuhusay na materyales, at sa unang malas pa lamang ay mahihinuha na ang inilalaan sa mga makapagbabayad ng mataas.  May pinto sa may sala, kanan, kaharap ng gate, at sa kaliwa, sa may kusina.  Luma na ngunit maayos pa ang mga kasangkapan, parang inilipat mula sa isang lumang bahay.  Sa sala ay may isang set ng upuan na nakatuntong sa isang alpombrang bumabagay sa pulang sahig, sa likod nito, kabinet ng mga libro na kinapapatungan ng isang *flower vase*, isang nakakuwadrong retrato ng isang nakangiting dalaga na napaliligiran ng maliit at animo'y naglalarong mga piguring duwende at isang *lampshade*.

Sa dingding na binarnisang *plywood*, nakasabit ang isang pares ng nairolyong pinturang Hapones: mga lumilipad na tagak sa ibabaw ng maiitim at payat na tangkay at mga dahon ng kawayan.  Sa gitna, likuran, may hagdang paakyat sa mga silid-tulugan; puti ang mga barandilya nito at sa itaas ng palapag, sa dingding, ay nakasabit ang isang pandekorasyong seramiko na kinatitikan, na mga letrang Gotiko, ng mga salitang GOD BLESS OUR HOME.

Sa silid-tulugan, kaliwa, ay may isang mesang paayon ang ayos napapaligiran ng anim na silyang may matataas na sandalan.  May kabinet sa likod ng mesa- lalagyan ng mga plato, kubyertos, mga itinatanging kasangkapan na ang paggamit ay karaniwan nang inilalaan ng mga maybahay sa mga espesyal na okasyon.  Nandito rin ang ilang de-latang pagkain at mga bote ng gamot.  Nakapatong sa kabinet ang isang bentilador.  Di kalayuan sa mesa, malapit sa lababo, ay may isang repriheradora.  Sa kabuuan, maayos at masinop ang *apartment*.

May mga alas-otso na ng gabi.  Bukas ang ilaw sa sala.  Nakaupo si Ben sa sopa, taas ang pinagsaklit na paa at tila yogang nagbabasa ng isang magasin.  Nakakorto siya at iskiper na puti. Mahahaba ang kanyang biyas at sa kabataa'y may pagkabalingkinitan pa.  Mahaba ang kanyang buhok, tulad ng uso sa mga tinedyer ngayon, at may kakisigan siya.

Bukas din ang daylight sa silid-tulugan.  Nakaupo si Regina sa kabisera ng mesa at umiinom ng kape.  Sa kabilang dulo, nagpupunas ng kutsara ang kapatid niyang si Ana.  Magkahawig sila, bagama't mas maraming salit na puting buhok si Regina.  Nakaputi siyang damit-pambahay, tila isang roba na itinatali sa harap, hanggang siko ang maluwang na manggas at hanggang sakong ang laylayan. Nakapusod siya, laylay ang ilalim ng mga mata, larawan ng isang babaing pinatigas ng mga hirap na pinagdaanan.  Nakabulaklaking pambahay si Ana, may pagkamasayahin ang mukha, ngunit ngayo'y tila nag-aalala.

**Ana:** ( *Habang nagpupunas*.) Kamusta ang hinihingi mong bakasyon Regina?
**Regina:** (*Ibig magmalaki, ngunit walang sigla*.) Binigyan ako, puwede ba nila akong hindi bigyan?
**Ana:** Dapat naman. Sa buong pagtuturo mo'y ngayon ka pa lang makapagbabakasyon, ano?
**Regina:** Ikalawa na ito. Noong namatay ang ama nina Aida, saka ngayon. Pupuwede akong hindi pumasok kahit ilang buwan pa siguro. Kahit isang taon. Maraming akong naipong bakasyon.
**Ana:** Biro mo namang mahigit na dalawampung taon ka yatang nagtuturo, noong dalaga ka pa, hindi ba? Puwede ka nang magretiro.
**Regina:** ( *Sasandal*.) Sayang naman kung di ko matatapos ang aking serbisyo. Pero hindi ako papasok hanggat hindi gumagaling si Aida.
**Ana:** Kung sabagay, kaya ko naman siyang alagaan. ( A*ayusin ang salansan ng kutsara*.) Ano nga pala ang sabi-sabihanan sa eskwela? Siguro'y alam nila ang nangyari.
**Regina:** (Pauyam.) . Pero ano ba ang maaasahan mo sa mga walang prinsipyong tao?
**Ana:** Sinabi mong tuloy rin ang demanda?
**Regina:** (Tatayo, lalakad sa repriheradora upang kumuha ng inumin.) Oo, Bakit hindi itutuloy? Kahit ano pa nga ang kanilang sabihin. Dapat nga raw akong magdemanda, sobra raw namang talaga ang ginawa kay Aida, pero…
**Ana:** Nakapag-aral si Aida roon. Kilala siguro nila.
**Regina:** (*Habang pabalik sa kabisera, dala ang baso ng inumin*.) Ang dipirensya nga lang daw, *mayor* itong kalaban ko. Ano sa akin kung *mayor*? Ngayon ba't siya'y libre na ang kanyang anak? Wala raw mangyayari. Iba raw ang malakas, ang nasa poder. Baka raw lalo pa tayong perwisyuhin. (*Iiling*.) Kababata pa'y wala nang mga prinsipyo! Mga bagong tapos pa ng kolehiyo. Mabuti pa iyong *assistant principal* namin, matapang. Ang sabi'y "Ituloy mo, Mrs. Calderon, *you should really teach those people a lesson."*
**Ana:** **(***Galit***.)** Ituloy mo nga, Regina, nang madala. Sobra nang talaga ang anak ng mayor na iyan! Ang kailangan talaga riyan ay bitay. (Tatayo, ililigpit sa isang lalagyan ang mga kutsara, pahablot na dadampot ng isang basahan.) Tutal, bitay rin siguro ang ibibigay sa lalaking iyan.
(*Tatayo si Regina, tila nag-iisip na maglalakad-lakad sa sala. Mapapansin niya si Ben na ngayo'y nakadapa at nagkukuyakoy ang paa sa hanging nagbabasa*.)
**Regina**: Napakain mo na'ng aso, Ben ?
**Ben**: (Pagak ang boses, di iaalis ang tingin sa binabasa) Opo.
**Regina**: (*Susulyap sa itaas ng hagdan, pagkuwa'y babalik sa komedor*.) Bakit ba naghahanap ng kordon si Tony, ha Ana?
**Ana**: (*Nagpupunas-punas sa may lababo*.) Maikli ang kordon ng ilaw niyang inilipat sa kuwarto naming ni Aida. Nasisilaw raw si Aida sa *daylight*.
**Regina**: (*Mauupo , mahina*.) Mahal talaga ni Tony ang kapatid, ano?
**Ana**: Oo. Nasabi lang ni Aidang nasisilaw siya'y inilipat na niya ang kanyang *study lamp*.
**Regina**: Pabibilhin ko na lang siya ng isa pa bukas. Kailangan niya iyon sa pag-aaral, Malabo ang kanyang mata.
**Ana**: Ibang-iba iyang si Tony kesa do'n sa isa. (*Ngunguso sa sala*.) Tingnan mo, prenteng-prenteng nagbabasa. Hindi man lang tulungan iyong kapatid.
**Regina**: Bata pa lang kasi si Ben.
**Ana**: Spoiled. Si Tony, noong ganyang eded, kumikita na, nagtitinda na ng diyaryo.
**Regina**: Hindi si Ben spoiled, Ana. Baka 'ka mo si Aida. (*Magbababa ng tingin na parang mali ang nasabi*.)

**Ana**:  Kung sabagay.  *(Ipapatong ang kanang kamay na may hawak na basahan sa sandalan ng isang silya.)*  Si Tony, pati nanliligaw kay Aida, kinikilatis na mabuti.  Hindi na nagbalik iyong preskong kaklase yata ni Aida, ano?  Iyong de-kotse?  "Ano ba sa akin kung de-kotse siya, " ang sabi sa akin ni Tony.  Sino nga ba iyon?
**Regina**:  (*Parang hindi siya pinapansin*.)  Mababait silang lahat.
**Ana**:  Si Tony, minumutyang talaga si Aida.
**Regina**:  Mapagbigay pa 'ka mo sa mga kapatid.  Hindi na baling siya ang wala, mayroon lang si Aida at Ben.  Ang maipipintas mo nga lang kay Tony ay walang kibo.
**Ana**:  Sersoyo.  Palaisip.  Kaparehung-kapareho ng ama.
**Regina**:  May pagkaseryoso rin itong si Ben, pero hindi kamukha ng kuya niya.  Si Aida – si Aida ang (*parang mawawala sa sinasabi, mababasag ang boses*) – pinakamasaya.
**Ana**:  (*Mapapansin ang pagbabago ng mukha ni Regina, ngunit itutuloy pa rin*.)  Masasabi mong isip bata si Aida.  Inosente.  Pero maganda.  Maganda.  Akalain ko bang gaganda ng ganyan ang anak mo, Regina.  Natatandaan mo pa, noong sumakay siya sa karosa sa lantern parade sa UP, noong nakaraang Pasko?  Noong dalhin tayo ni Tony?  Hindi ako makapaniwalang anak mo iyon at pamangkin ko iyon.  Bakit nga'y di-jeans-jeans lang at di pony-tail-pony-tail lang dito.  Ang sarap 'ka mo, namatay ang generator ng karosa!  Di pinasinagan siya ng flashlight.  Nakatingin kay Aida ang lahat, at siya'y ngumingiti, at nagyayabang at nang-iinggit naman ang kanyang mga kaklase.  Sa tingin ko ba noo'y para siyang nakaangat sa karosa – (*Makikitang ibig maiyak si Regina*.)  Sino nga ba naman ang makapag-aakalang…
**Regina**:  (*tutuwid ng upo, sa dingding nakatingin*.)  Nangyari na iyon, Ana.
**Ana**:  (*Pagkaraan ng ilang saglit, malungkot*.)  Disi-otso na siya.
**Regina**:  Limang taon na tayo rito.  Natatandaan mo?  Dito na nag-birthday si Aida nang lumipat tayo.
**Ana**:  At napapanaginip ko pa noon ang kanyang debut.  At naisip ko na ang gagawin kong tahi sa damit niya.
**Regina**:  *(Iiling.)*  Ang buhay nga naman.
**Ana**:  (*Nagpapahid ng matang isasauli ang basahan sa may lababo*.)  Mabuti pa sigurong hindi tayo nakaalis sa Gagalangin, Regina.  Siguro, kung hindi tayo lumipat dito…
**Regina**:  Sino ang makaaalam na dito siya magkakaganyan?
**Ana:**  Bakante ngayon ang itaas ng bahay roon.
**Regina**:  (*Nagpapaliwanag*.)  Hindi ba dahil sa mga bata kung kaya tayo umalis sa Gagalangin?  Gusto mo rin namang tayo'y umalis nang lumalaki na ang mga bata, di ba?  At nang malapit pati sila 'ka mo ng eskuwela.  Naisip kong umutang nga tayo at ipatayo natin ang apartment na ito – unang-una'y dahil diyan, ang malayo nga sila roon.  Pinaupahan na lang natin ang bahay roon.  Hindi ba't mas nagustuhan naman dito ng mga bata?  Mas tahimik dito, hindi siksikan, mas…
**Ana:**  Oo nga, Regina, pero…
**Regina**:  Dahil sa pagtanda nati'y wala naman tayong makakasama-patay na rin lang ang ating mga magulang-naisip kong maaari na tayo rito.  May apat na pinto tayo rito, tamang-tama, 'ka ko.  Magkaasawa man ang mga bata, magkaanak man sila, hindi rin tayo magkakalayu-layo.  Tig-iisa 'ka ko sila ng pinto – isa kay Tony, isa kay Aida, isa kay Ben, isa sa ating dalawa.  Hindi tayo magkakawalay-walay.  Ganyan ang naisip ko noon, Ana.
**Ana**:  Aywan ko, Regina pero kung minsan nga'y naisip kong kahit yata saan tayo pumunta, sinusundan tayo ng trahedya.
**Regina**:  Hindi naman sa tayo'y sinusundan, Ana.  (*Kukunot ang noo*.)  Mabuti pang sabihin mong dahil sa mga pagkakataon, o dahil sa mga kondisyon ngayon.  Ibang-iba ba talaga ngayon.  Aywan ko rin, Ana.  Aywan ko.

**Ana**: (*Pagkaraan ng ilang saglit, malumanay na*.) Naubos na nga pala ang gamot ni Aida, Regina, iyong tranquilizer.
**Regina**: Magpabili tayo. Sino ba'ng ating pabibilihin? Si Tony?
**Ana**: Pabilhin mo na't gabi na. Malapit na sigurong mag-alas-nuwebe.
**Regina**: Gabi na pala!
**Ana**: Akala ko ba'y napapagod ka?
**Regina**: (*Tatawag*.) Tony!
**Tony**: (Sa itaas.) Sandali po! Ikinakabit ko lang itong daylight.
**Ana**: (*nakaupo sa kabilang dulo ng mesa, may binibilut-bilot na sinulid ng basahan ang daliri*.) Ano ba ang napapansin mo kay Aida?
**Regina**: Anong napapansin?
**Ana**: May pagbabago ka bang nakikita? Hindi ba parang lumalala?
**Regina**: (*Bubuntung-hininga*.) Ang sabi naman ng doctor ay may shock pa siya hanggang ngayon. Totoo raw nasindak si Aida.
**Ana**: Kung sabagay, medyo nawawala na ang mga marka ng dagok sa kanyang mga pigi. Talaga sigurong hindi ka makakabangon kapag dinagukan ka roon. Iyon namang sugat at galos-galos magaling na. Ang ikinatatakot ko'y ang kanyang nerbiyos. Lalo siyang nagiging nerbiyusin yata. Lagi kaya niyang naaalaala ang nangyari sa kanya? Ganoon ba iyon? Hindi ba – may naloloka sa ganyan?
**Regina**: Hindi naman siguro, Ana. Mahusay ang gamot na ibinigay sa kanya ng doctor. At ang sabi sa hospital, magaling daw ang psychiatrist na tumitingin sa kanya. Talaga raw isa sa pinakamahusay rito sa Pilipinas, sabi rin ni Tony.
**Ana:** Naaalaala ko kasi iyong kapitbahay natin sa Gagalangin. Iyon bang anak ng kapitan na dinadala sa V. Luna na ipina-e-electrictshock. Namumuti raw talaga at umiikot ang tau-tauhan ng mata. Bumubula ang bibig. Pero iba naman siguro iyon.
**Regina**: Tiyaga, tiyaga ang kailangan natin, Ana. Kaya hahabaan ko ang aking bakasyon.
**Ana**: (*maliwa-liwanag ang mukha*.) Mahusay siguro iyong likidong tranquilizer na inihahalo ko sa pagkain niya. Biro mo, iyong tira niyang pagkain, sinubok kong ipakain kay Sultan noong isang araw. Nakatulog ang pobreng aso.
**Regina**: Iyon naman daw ang kailangan, sabi ng doctor – ang humupa ang kanyang nerbiyos.
**Ana**: Ibinigay ni Tony kay Aida ang maliit niyang ponograpo.
**Regina**: Sa Linggo ang punta rito uli ng doctor. Malalaman natin sa kanya kung kailangan pang ipasok sa ospital si Aida o hindi. (Maaalaala.) Si Tony nga pala, iyong gamot? (Tatawag.) Tony! Di ba ibinigay ang kanyang turntable?
(Mananaog si Tony, payat, di nasusuklay ang buhok, lampas sa karaniwan ang taas, habaan ang mukha, nakasalamin at mukhang matanda kaysa sa tunay niyang gulang. Lumang pantalon at maluwang ang manggas na polosert ang suot. May dalang plais at tape sa kordon.)
**Regina**: Bumili ka ng gamot. Nasa tokador iyong pera.
**Tony**: Opo.
(*Ililigpit sa may ilalim ng hagdan ang plais at pandikit, pupunta sa repriheradora at kukuha ng inumin. Tiyak at tila pinag-iisipang lagi ang kanyang kilos*.)
Nauuhaw si Aida.
**Ana**: (*Pagkapanhik ni Tony, naghihinala*.) Ilang beses ko nang napapansing lumalabas ng gabi ang Toning iyan. Di mo ba napapansin?

**Regina**:  Hindi.
**Ana**:  Iyong lagay na iyon siguro'y palakad na.
**Regina** :  Ugali lang talaga niyan ang maglakad.  Di nga ba sabi mo kanina'y palaisip?
Ana:  Oo nga.  Pero gabing-gabi na kung umuwi kung minsan.  Susi ang ginagamit.
**Regina** :  Baka naman napupunta lang sa kaklase niya riyan sa kabilang kanto?
**Ana**:  (*kukumpas.*)  Aywan ko.  Si Ben ang tanungin mo.  Silang magkakuwarto.  Kaya lang, nag-aalala ako.  Alam mo na ngayon, baka makatuwaan iyan.
(*Isang sasakyan ang hihinto sa tapat ng apartment.  Maririnig ang pakalapak na pagsasara ng pinto nito, ang pagkahol ng aso*.)
**Regina** :  (Kay Ana.)  Sa atin ba iyon?
(*May babatinting sa pintuang bakal*.)
**Ana**:  Tingnan mo nga, Benjamin.
(*Lalabas si Ben.  Sa may gate, maririnig ang boses matandang tanong na "Nariyan ba si Mrs. Calderon?" at ang mababa at pagak na "Opo, sino po sila?" ni Ben.  Nakatayo sina Regina at Ana sa tabi ng mesa, nakatingin sa labas*.)
**Ana**:  (*Makikilala ang dumating*.) Si Mayor, Regina! May kasama.
**Regina** :  (*Magugulat*.)  Ano kaya'ng kailangan?
**Ana**:  (*Kinakabahan.*)  Baka- aayusin ka.
**Ben**:  (*Papasok.*)  Gusto raw kayong makausap, Inay.
**Ana**:  Bakit daw?
**Ben**:  Aywan ko po.
**Regina** :  (*Pagkaraan ng pagbabantulot*.)  Papasukin mo.
(Lalabas si Ben.)
**Regina**:  (kay Ana.)  Anong ayos-ayos?
(*Papasok ang alkalde, maitim, katamtaman ang taas, may katabaan, hagod sa batok ang tinitina at walang partidang buhok, may mahigit na 50 taon, nakapolosert na guhitang pula, bukas ang butones sa itaas.  Kasama niyang papasok ang isang nakapolo-barong na lalaki, may kaputian, maliit, mataas ang gupit, nakasalamin, parang nakaismid, at ang mata'y nag-uusisa agad sa pinasok na apartment*.)
**Alkalde**:  (Itataas ang kaliwang kamay, bahagyang yuyukod.)  Good evening.
**Regina**:  Magandang gabi ho naman.
**Alkalde**:  Napasyal kami, Misis.
**Regina**:  (*Bantulot na ituturo ang upuan*.)  Maupo kayo.
**Alkalde**:  (Bago maupo.)  Misis ang kasama ko nga ho pala'y si Konsehal Collas, Atty. Collas.
(Bahagyang tatango ang Konsehal.  *Mauupo sila*.  Mananatiling nakatayo si Regina.  Nasa silid-kainan si Ana, nakahilig sa barandilyo ng hagdan si Ben.)
**Alkalde**:  (Nakatingin kay Ben.)  Anak ho ninyo?
**Regina**:  Oho.
**Alkalde**:  (Humahangang nakatingin kay Ben.)  Guwapo.  At listong bata.  Hindi basta nagpapapasok.
(Mahihiyang pupunta si Ben sa silid-kainan at doon mauupo, kasama si Ana.  Mapapansin ng Alkalde na nakatayo si Regina.)  Maupo naman kayo, Misis.  Kami ho naman ni Konsehal ay ngayon lamang napadalaw rito sa inyo.
**Konsehal**:  Siyanga naman, Misis.
(Mauupo si Regina.)

**Alkalde**: (Lilinga-linga.) Magandang apartment ito, a. Tingnan mo ang Japanese painting nila, Konsehal. Di ba ganyan ang nakuha mo sa Tokyo?
**Konsehal**: Masinop ang apartment nila, Mayor.
**Alkalde**: Ito ang sasabihin ng comadre mo na cozy. (Kay Regina.) Malaki siguro ang upa ninyo, Misis, sa apartment na ito.
**Regina**: Sa amin ho ito, inuukupa lang namin ang unang pinto.
**Alkalde**: (Tatawa.) Dispensa. An honest mistake. Tingnan mo nga naman, Konsehal, sa kanila pala ito.
**Konsehal**: Must have gotten a loan from the GSIS.
(*Mananog si Tony, magugulat pagkakita sa alkalde, pagkaraa'y parang walang nakitang tutungo sa komedor upang kunin ang sapatos, mananatili siya sa komedor. Samantalang nakatingin sina Ana at Ben sa mga nag-uusap, ipapatong niya ang mga kamay sa mesa, nakakunot-noong kakatuk-katukin ng daliri ang salamin niyon. Manaka-naka lamang siyang lilingon sa sala*.)
**Alkalde**: (Nakatingin kay Tony.) Anak din ninyo, Misis?
**Regina**: Siya ho ang panganay.
**Alkalde**: Marunong na tipo. Scholarly type, wika nga. Law siguro ang kinukuha, Misis?
**Regina**: (Kangina pa nagtitimpi.) A.B. ho, sa UP.
**Alkalde**: (Magugulat) UP! Taga-UP din pala Konsehal. Pareho kayo. Ako ho, Misis – bakit ho ba nasasabi ito'y hindi naman naitatanong? – ay sa Francisco Law College lamang gradwado. (Tatapikin sa balikat ang Konsehal.) Walang kuwentang eskuwelahan. Kung sabagay, doon nagtapos si Carlos P. Garcia, ha, Konsehal?
(Magtatawanan sila.)
Buweno, buweno, ang ibig kong sabihi'y isa sa mga hindi natupad na ambisyon ko iyang makapg-aral sa UP. Marurunong ang anak ni Misis Konsehal.
**Konsehal**: Maestra kayo, Misis, a – Calderon?
**Regina**: Oho.
**Alkalde**: Saan naman kayo nagtuturo?
**Regina**: Sa Torres High School, sa Maynila.
**Alkalde**: (Magugulat.) Paano ho naman ang nangyari't dito kayo-
**Regina**: Narito ang aming apartment. May bahay kami sa Gagalangin pero pinaupahan naming. Grocery ang silong.
**Konsehal**.: Mukhang familiar sa akin ang Calderon. Saan kayong probinsya, Misis?
**Regina**: Lehitimo ho akong taga-Maynila. Ang mister ko'y taga-Nueva Ecija.
**Konsehal**: You are now a… widow?
(Tatango si Regina.)
**Alkalde**: Buweno, kami ho'y medyo ginabi, Misis, dahil sa nanggaling pa kami sa squatters area diyan sa may highway. (Nakatawang iiling.) Wise rin naman ang mga lider niyon, ngayon't alam na eleksiyon sa Nobyembre ay saka nagreperesentasyon sa akin, huwag ko raw silang ipatapon. May nakikiusap na riyan, may umiiyak na riyan, at ako naman, (kukumpas) mahabagin nga siguro ako, ay wala nang nagawa. Paano ka pa makatatanggi niyon?
**Regina**: Marami ring botante roon, Mayor.
**Alkalde**: Ha-ha-ha! Hindi naman, Misis, hindi naman! Ang lagay, naparaan nga kami roon, kaya ginabi kami sa pagsasadya sa inyo.
**Regina**: (Titingnan siya nang tuwid.) Para ipaurong sa akin ang demanda, Mayor?
**Alkalde**: (Magkikibit-balikat.) Para… para tayo'y magkausap.

**Konsehal**: (Magsisindi ng sigarilyo.) Ang totoo niyan, Misis, si Judge Joaquin ang nagmungkahing magkausap kayo, na kung ako ang tatanungin, ay siyang pinakamabuti ninyong gawin. Iyan naman ang sinabi ng inyong compadre, di ba, Mayor?
**Regina**: Mahusay pala kayong magpalaman sa mga salita, Konsehal.
**Alkalde**: (Maagap.) Misis, kami'y naparito, unang-una'y para magdiskargo. Alam kong mabigat itong aming inilalapit sa inyo, kaya naman ako'y makumbabang naparito sa inyo upang – upang wika nga'y ihingi ng tawad ang ginawa ng aking anak.
**Regina**: (Susukatin siya ng tingin.) Akala ba ninyo'y makukuha sa paghingi-hingi ng tawad ang ginawa ng inyong anak?
**Alkalde**: (Iiling, nakangiti.) Alam ko, alam ko, Misis.
**Regina**: Ganoon pala'y bakit hindi natin ipaubaya sa husgado?
**Alkalde**: Si Misis…
**Konsehal:** (Sasang-ayon.) Kawawa rin ang iyong anak. Ang ibig kong sabihi'y …
**Regina**: (Sa Konsehal.) Para patunayan kung siya'y ginahasa o hindi?
**Konsehal**: (Ididuldol sa ash tray ang sigarilyo.) Para patunayan kung siya'y ginahasa o hindi?
**Regina**: Kayo ba'y may anak na babae, Mayor?
**Alkalde**: (Nakangiti pa rin.) Alam ko na ang itatanong ninyo. Mayroon. Tatlo. Paano kung sa isa sa kanila ginawa iyon?
(Nakangiting mailing ang Konsehal.)
**Regina**: Paano kung ang pinakamamahal ninyo sa tatlong anak na iyan ay ginahasa ng aking anak?
**Alkalde**: Natural namang maramdaman ko ang katulad ng nararamdaman ninyo ngayon, Misis.
**Regina**: Hindi ko itinatanong kung ano ang mararamdaman ninyo.
(Malakas.) Ano ang gagawin ninyo?
(kukumpas sa kawalang-maisagot ang alkalde. Sa itaas, tatawag si Aida, "Inay, Inay!"
Tatahimik ba kayo? Magdedemanda ba kayo? Ano ang gagawin ninyo? Kung sabagay, sino nga ba naman ang matapang na mangangahas na – Mayor kayo. Pero halimbawang kayo ang nasa katayuan ko?
**Konsehal**: (Sasaluhin ang alkalde.) Sa ganitong anggulo natin tingnan, Misis, umabot na rin lang sa ganito. Malinaw kong nakikita ang inyong punto. Ngayo'y kauumpisa pa lamang ng kaso. Di ba ninyo inaalala ang inyong anak? Kung itutuloy ninyong talaga ang demanda, ang kauna-unahang gagawin para mapatunayang ginahasa siya, ay ang ipaeksamin siya. Hindi mo maiaalis sa abugado ng kabila na hingin iyan, ipaeksamin siya.
**Alkalde**: Exactly.
**Regina:** (Tatayo.) Kung hindi kayo kumbinsidong ginahasa nga ang aking anak ay bakit narito kayo?
**Alkalde**: Para-para huwag na ngang umabot diyan, Misis.
**Regina**: Legalismo ninyong mga abugado!
**Konsehal:** (Bahagyang nakatawa.) Wala tayong magagawa, Misis. Ganyan talaga.
**Regina**: Sa tusuhan, patalinuhan, sa kasinungalingan sa pagpapabagal, sa mga teknikalidad, diyan, diyan kayo magagaling!
**Konsehal**: Sa ilalim ng batas, walang kasalanan ang isang tao hangga't hindi siya napapatunayang nagkasala.
**Regina**: Magandang sangkalan ninyong mga abugado! ( Sa komedor, nagtitimping iiling-iling si Tony.)

**Konsehal**:  Hindi ba kayo naawa sa kanya?  Hindi ba ninyo inaalala ang kanyang kinabukasan?  Sa kasalukuya'y hindi pa masyadong bulgar ang nangyari, pero-
**Regina**:  Mababando rin na ang anak ng mayor – ng pinuno ng bayan – ang gumahasa sa kanya at ito'y matatandaan ng tao.
**Alkalde**:  Malayo pa ang eleksyon, Misis.
**Konsehal:**  Mula ngayon at sa susunod na eleksyon, makakalimot ang tao, o, kung ipagpipilitan ninyong makatatanda, ano na lang ang ipina-mayor ni Mayor sa loob ng labingtatlong taon para hindi maremedyuhan iyan? Hindi kayo praktikal, Misis.  Be practical.
**Regina**:  Hustisya.
**Konsehal**:  Hustisya. (Iiling) Isipin ninyo ang inyong anak, Misis.
**Regina**:  (Nagpupuyos.)  Halos labingwalong taon mong pinalaki, inalagaan, kung maaari'y ipakatagu-tago mo, pinakaingat-ingatan mo, at pagkatapos, pagkatapos, nag-aabang lamang ng bus na pauwi galing eskuwela ay bigla na lamang aagawin ng anak ninyo, dadalhin sa motel, sasaktan doon, paglalaruan, pagpapasasaan!
**Alkalde**:  Nariyan na tayo, Misis. Naririyan na tayo.
**Konsehal**:  Let's not be too sentimental about this, Mrs. Calderon.
**Regina**:  Isasakay sa taksi, pauuwiin, halos di makagulapay.  At pagkaraan niyan, pagkaraan niyan, paparito kayo sa aki't sasabihin ninyong ako'y maging praktikal.  Makaaaalis na kayo.  Hindi ko iuurong ang demanda.  Kung sa inyo ang sinasabi ninyong huwes, sasabihin ko sa aming abugado na hilinging malipat sa iba, may kinikilingan din lang itong si Judge Joaquin.
**Konsehal**:  (Bahagyang nakatawa)  Grabeng akusasyon iyan, Misis.  Paano ninyo mapapatunayan? Halimbawa nang totoo, saan at kanino ililipat?  Dito rin.  Ngayon, sino sa mga huwes dito ang hindi kaalyado ni Mayor?
**Regina**:  (Napapaiyak)  Kayo nga ang hari dito.
**Konsehal**:  Hindi siya gaanong napakahina para hindi maalis ang sinumang kakontra niyang huwes. Ayaw ko sanang sabihin ito pero alam naman ninyong pulitiko rin ang nakapaglalalgay sa mga huwes.  Sino ngayon ang nakapaghuhuwes nang hindi nagsisipsip sa pulitiko, sabihin nga ninyo? Ngayon, nasaan naman ang mga naging huwes dito na kumontra kay Mayor?  Iyong isa, nasa Palawan, iyong isa, nasa Mindoro.  Dudulog 'ka n'yo kayo sa itaas?  Sino ang nakaupo sa itaas?  Ang hari ng mga pulitiko – na kaya naging hari ay dahil lamang sa mga pulitikong katulad ni Mayor? Bigayan lang ang larong iyan, Misis.
**Regina**:  Kayong masasamang pulitiko!
**Konsehal**:  Masasamang pulitiko! Pero ganyan ang buhay ngayon, Misis.  May nakita na ba kayong anak ng kongresista na kanilang nagalaw?  Anak ng senador?  Anak ng gobernador?  Anak ng mayor?
**Regina**:  Pumatay man kayo'y talagang hindi kayo nagagalaw?
**Konsehal**:  Ay, Misis.  Be practical.
**Alkalde**:  Alam kong malaking perhuwisyo ang nagawa ng aking anak sa inyo kaya- ibig kong (dudukot sa bulsa ng polosert at may ilalabas na katuping sobre) – tanggapin ninyo, sana ang kahit kaunting tulong na ito –
**Konsehal**:  That check is for ten thousand.  Pay to cash.  Huwag kayong maging sentimental.  Be practical.
**Regina**:  (Sasampalin ang Alkalde)  Akala ba ninyo'y mabibili ninyo ako?  Layas!  Layas!
(Nababaghang tatayo ang Alkalde at Konsehal.  Dadamputin ng Konsehal ang sobre. Lalapit sina Tony.)

**Alkalde**: (Hindi makapaniwala ngunit ngani-nganing sampalin si Regina) Misis, dinadaan ko kayo sa pakiusapan pero gusto ninyong magkademonyuhan. Pasensiyahan tayo. Ituloy ninyo!
**Regina**: Itutuloy ko!
(Lalabas ang dalawa, ang Alkalde'y nagmumura. Sa labas, maririnig ang pagsibad ng kanilang sasakyan. Mapapaupo si Regina. Nakatayo sa harap niya si Tony, nakaupo at nakamasid kay Ben.)
**Regina:** Akala ng mga taong iya'y sila ang batas.
**Tony:** (Galit ngunit matimpi) Sa kasalukuya'y sila nga, Inay.
**Regina**: (Nanginginig) Lalabas din ang katotohanan at mananaig ang katarungan!
**Tony**: Katarungan! Kay gandang sabihin! Hustisya o hustisya poetika? Hustisyang talaga o hustisyang Diyos-ko-bahala-Ka-na?
**Regina**: Kailangang maputol ang ganito?
**Tony**: Paano?
**Regina**: (Parang giniginaw) Nanginginig ako. Nanginginig ako.
( Sa itaas, maririnig ang mga pagtawag ni Aida at mga pang-aalo ni Ana. Papanhik si Ben.)
**Regina**: Hindi ako titigil hangga't hindi siya nabibilanggo!
**Tony**: (Kinukuyom ang palad) Tatlo lamang ngayon ang nagkakaroon ng hustisya dito sa atin. Iyong malalakas, iyong makapangyarihan, iyong mayayaman. Kung simple kang tao, mahina ka. Kung wala kang lakas, lolokohin ka, tatakutin ka pa. Kung mahirap ka, pasensiya ka, magtiis ka. Kadalasan, nagkakasama-sama pa iyan- lakas, kapangyarihan, yaman.
**Regina**: (Tutop ang mukha) Walang kwenta sa akin magkaubos-ubos man ang ating kabuhayan!
**Tony**: Sasayangin ninyo ang minana ninyo't pinagkahirap-hirapang ipundar. Sa paningin ng ating batas, hindi magkakapantay ang lahat! Ang demanda ninyo, sapagkat ang idenedemanda ninyo'y malakas, mananatiling demanda lamang.
**Regina**: (Parang biglang nakaisip ng paraan) Susulat ako sa mga magasin – susulat ako sa lahat ng peryodiko – isusulat ko ang lahat, natitiyak kong tutulungan nila ako, pakikinggan nila ako!
**Tony**: Ang demanda ninyo'y kamukha lamang ng kung kayo'y nasusukol sa bingit ng bangin at malaki pa ang agwat ng kabilang pampang na kailangan ninyong talunin. Alam ninyong sa pagtalon ay hindi ninyo maaabot ang kabilang pampang pero pipiliti't pipilitin din ninyong tumalon. Tatalon kayo kahit alam na alam ninyong kayo'y mahuhulog. Bakit pa kayo magdedemanda?
**Regina**: Sasabihin ko sa kanila ang lahat. Pakikinggan nila ako, Tony. Kapag nalaman nila ang lahat – Tony, ito na ang pagkakataon natin sa hustisya!
**Tony**: Hustisya!
**Regina:** (Nabubuhayan ng loob) Tingnan mo, Tony, palagay ko – palagay ko nga'y ako at si Aida ang sadyang pinili ng Diyos para dito. Makinig ka: kung sa anak ng mahirap niya ginawa iyon – kung sa anak ng iskwater lamang niya ginawa iyon – marahil, tatahimik lamang sila – hindi nila iibiging masira ang kanilang reputasyon. Nagkamali sila, Tony, nagkamali sila. Lalaban ako, Lalaban ako!
**Tony**: Ang ipanlalaban ninyo sa napakalaking bato'y ang inyong mga kuko!
**Regina**: (Nakamaang sa anak) Kay laki na ng ipinagbago mo, Tony. Paano ang ibig mong mangyari? Huwag nang lumaban, iurong na ang demanda?

**Tony**: Mula nang patayin si Itay- sinasabi nating nabaril, para siguro mabawas-bawasan ang lagim, pero ang totoo'y pinatay siya – sinimulan ko ngang isipin kung ano ang batas na nararapat ang hakbang na nararapat nating gawin. At sa lahat ng libro'y sa Bibliya ko pa nakita ang sagot. Naglalakad ako, minsan – pagkaraan ng nangyari kay Aida – nang maalaala ko ang sinabi ng ama ni Itay, noong araw na iyon ng libing, "Kapag buhay ang inutang, buhay din ang magiging kabayaran," na para bang may singil para sa kanya – o para sa atin – ng inutang na buhay ni Itay. Naisip ko, ito'y isang pamahiin o isang kasabihan lamang: ito'y isang simpleng batas, isang kautusan o kahatulang inihabilin ng Diyos kay Moses, doon sa itaas ng bundok, sa gitna ng kulog, ng kidlat, ng usok at ng ingay ng pakakak, sapagkat hindi ba sinabi sa Exodus na "buhay sa buhay?" Ito bang nangyari kay Aida, kulang pa sa pagkamatay? Ngayon, ito, ito ang sa palagay ko'y mga kahatulang nararapat sundin ngayon: "Mata sa mata, ngipin sa ngipin… apoy sa apoy, sugat sa sugat, latay sa latay!" Ito ang aking gagawin: gaganti ako! Ako ang gaganti sa kanya!
**Regina**: Gaganting paano?
**Tony**: Papatayin ko siya.
**Regina**: (Manghihilakbot) Tony!
**Tony**: May isa pa kayong hindi nalalaman, Inay. Diyan sa abangan ng sasakyan, minsan nang ako'y papuntang eskuwela, isinakay ako sa jeep ng dalawang bataan ni Mayor. Jeep iyon ng pulis, at alam kong ang nakasibilyang nagsakay sa akin ay parehong pulis. Inikot-ikot nila ako, nasa gitna nila ako. Sabi nila'y itigil daw ninyo ang kaso, o –
**Regina**: Mga banta! At ikaw ba nama'y natatakot sa banta!
**Tony**: Isa iyan sa pinakakaraniwan nilang ginagawa – sapagkat hindi lamang sila ang gumagawa niyan. Ang kinatatakutan ko'y ang kalalabasan ng inyong demanda – ng inyong paniniwala sa hustisya.
**Regina**: Kung hindi maniniwala'y ano pa ang aking mahihintay?
**Tony**: May kwento kay San Agustin tungkol sa paniniwala. Ito nama'y kwento lamang na na narinig kong isinermon ng isang Heswita noong minsang mapapasok ako sa chapel. Naglalakad daw si San Agustin sa tabing-dagat at tinutuklas ang misteryo ng Divino Trinidad na nagbibigay sa kanya ng malaking alinlangan. Habang nag-iisip at naglalakad, mayroon daw narinig si San Agustin na parang hanging nagbulong sa kanya: "Agustin, Agustin, ang ginagawa mong pagtuklas sa misteryong iyan ay kasinghirap ng pagsalok mo ng tubig sa buong dagat sa pinagsalikop mong palad. Paniniwala, pananalig, iyan ang kailangan mo." Ang hustisya ba rito sa ati'y isang misteryo? Alam nating lahat na ito'y hindi hustisya, at alam natin kung bakit ito'y hindi ganito. Wala naman tayong misteryong dapat tuklasi'y kung bakit naniniwala at nananalig pa tayo!
**Regina**: (Mahinay) Lawakan mo ang iyong pagtingin, Tony. Ang ikinagagalit mo'y dahil sa personal na karaingan lamang.
**Tony**: Lawakan! Ang nangyari kay Itay ay isa lamang sa matagal at laganap nang kawalang-katarungan!
**Regina**: Darating din ang hustisya, Tony,

**Tony**: Kailan? Paano? Gaano pa katagal? Ang paghihintay nati'y makakatulad lamang ng ginawa nating paghihintay sa kaso ni Itay. Ano ang nangyari sa kanya?
(Mapapayuko si Regina)
Disisais anyos ako, third year high school, nasa Gagalangin pa tayo nang patayin – o ipapatay – si Itay sa harap mismo ng ating bahay. Sa limang daang pisong inilalagay sa bawat isa sa dalawampung trak ng tabako, mayroon sana tayong diyes mil isang araw – sobra-sobra para ikayaman natin – pero ano ang kanyang pinili? Hindi makalalabas ng planta ang mga trak – at nang gabi ngang iyon, naghahapunan tayo, tatlong naka-jeep na lalaki tumapat sa atin at tinawag siya. Ano ang kanyang napala sa kanyang katapatan? Ang patayin – nang nakikita ng kanyang asawa't mga anak?
**Regina**: Nakaraan na iyan, Tony.
**Tony**: Nasaan ang nagsipatay sa kanya? Malaya, hawak ng malalakas!
**Regina**: Nakaraan na iyan.
**Tony**: Hindi pa kayo nadadala? Hanggang ngayon ba'y naniniwala pa kayo?
**Regina**: Ano ang silbi ng aking itinuturo kung di ako naniniwala? Kaya kong magretiro anumang araw ngayon pero nagtuturo pa rin ako – siguro'y sa nais kong makatulong sa paglikha ng mabubuting mamamayan. Ituturo mo sa kanila ang katarungan ngunit ikaw na mismo ay hindi naniniwala rito. Bubuo ka ng mahuhusay na mamamayan ngunit ikaw mismo ay hindi modelong mamamayan.
**Tony**: Ang katarungan ninyong itinuturo'y malayo sa katotohanan, mayroon ang wala at di wala ang inaakalang mayroon. Paglabas ng inyong tinuturuan, umuulan pala, hindi umaaraw.
**Regina**: Maghihintay ako, Tony.
**Tony**: Habang wala nga'y umaasa kayong magkakaroon.
(Mula sa itaas, bababa si Ana. Nasa mukha niya ang kawalang-malamang gawin.)
**Ana**: (Sa hagdan pa lamang) Ninerbiyos si Aida, Regina.
Nanlalamig mula pa kanina. Parang takot na takot. Nakabili na ba ng gamot?
**Regina**: (Maalala) Ang gamot pala! Sino ang bibili?
**Ana**: Akala ko ba'y si Tony?
(Papanhik si Tony.)
**Regina**: Gabi na. Hindi ba pwedeng ipagpabukas na ang pagbili?
**Ana**: Kailangan ni Aida, Regina. Mayroon namang botika riyang
hindi nagsasara. Hindi siya mapapahinga kapag hindi nabigyan niyon. Maaaring makasama pa sa kanya. Sa Linggo 'ka mo'y pupunta rito ang doctor.
**Regina**: (Nagbabantulot) Pero gabi na, Ana.
**Ana**: (Nagpaubaya) Nasa iyo yan, Regina. Pero si Aida –
(Mananaog si Tony.)
**Tony**: (Patungo sa pinto) Lalakad na ako.
**Ana**: Alam mo na ba ang pupuntahan mong botika?
**Regina**: Magtaksi ka na.
**Ana**: Umuwi ka agad. Kailangan iyan ni Aida.
(Lalabas si Tony.)
**Regina**: (Parang gaping-gapi) Kinakabahan ako, Ana.
**Ana**: Sa pagkakapunta rito ni Mayor? Iintindihin mo iyon. Mabuti ngang sinampal mo.
**Regina**: Kay Tony ako nag-aalala, Ana. Ibang-iba na siya ngayon. Ang pinagsasabi niya!
(Mapapakumpas lamang si Ana. Mananaog si Ben.)

**Ben**:  Umalis na'ng Kuya?
**Regina**:  Bakit?
**Ben**:  (Parang takot)  May dala siyang – baril.
**Regina**:  Baril?
**Ben**:  Huwag ko raw sasabihin sa inyo.  Sa lumang kahon sa ilalim ng kama niya kinuha.
**Regina**:  (Hindi makapaniwala.)  Saan kukuha ng baril iyon?
**Ben**:  Ang – ang kay Itay.
**Regina**:  Ano?
**Ben**:  Akala ninyo'y nawala ito pero tinago ni Kuya – mula nang mabaril si Itay.  Lagi niyang dinadala-dala noon, huwag ko raw sasabihin sa inyo.
**Regina**:  (Sasapuhin ang mukha)  Diyos ko, ano kaya ang kanyang gagawin?  (Tatayo ngunit tutop ang ulong mapapaupo.)  Sundan mo kaya, Ben.  Sundan mo kaya, Ana!
(Lalabas si Ben.)
**Ana**:  Kaya siguro naglalabas ng gabi iyan.
**Regina**:  Anong ginagawa?
(Papasok si Ben.)
**Ben**:  Nakaalis na.
**Ana**:  Bakit naglalabas ng gabi ang kuya mo, Benjamin?
**Ben**:  Hinahanap ang anak ng Mayor.
**Regina**:  Ang aking anak!  Ang aking anak!
**Ben**:  Kung isasama nga niya ako'y sasama ako.
**Regina**:  Ben!
(Sandaling mananatili si Ben sa harap ng umiiyak na ina, naaawang nakatingin dito, tila nagsisisi sa mga sinabi.  Pagkaraa'y malungkot siyang papanhik.  Lalabas naman si Ana sa komedor upang patayin ang ilaw.)
**Ana**:  (papalapit kay Regina)  Hindi mo rin sila masisisi, Regina lalo pa nga't pagkaraang marinig nila ang pinagsasabi ng alkalde at ng konsehal.  Ang hustisya'y hustisya lamang kung madali itong naibibigay, at naibibigay nang pantay-pantay.  Papanhik na ako.
(Sa hagdan)  Pumanhik ka na rin.  Iwan mo na lang bukas iyang ilaw.  (Aakyat ng ilang baytang) Halina, Regina.  Matulog ka na.  Ikaw nga ang pagod.
(Tutuloy nang umakyat si Ana.  Maiiwang nakaupo sa sala si Regina, nababaghan, hindi makapaniwala.  Pagkuwa'y kikilos siya, tatayo, ilang sandaling maglalakad-lakad, nakayuko at magkadaop ang palad.  Mauupo siyang muli, tututupin ang noo.)
**Regina**:  Tony, Tony.

## TABING

(Sa muling pagbubukas ng tabing, makikitang nakaupo si Regina, nakapikit, naiidlip, ang isang kamay ay nasa katangan ng upuan at nakasapo sa noo, ang isa'y nasa kanyang kandungan. Sa labas, maririnig ang manaka-nakang pagdaraan ng taksi; makikitang ang ilaw ng mga ito ay tumatama sa bintanang salamin, tumatagos, at pakalat na sumasabay sa dingding. Maririnig sa labas ang pahagok na ingay ng trak ng basura at ang pagkalakalantog ng mga inihagis na lalagyan ng sukal.)
(Mula sa itaas, bababa si Aida, nakaputing damit-pantulog, nakalugay ang buhok at nakatapak. Saglit siyang matitigil pagkakita sa naiiidlip na ina, ngunit hindi ito gigisingin. Tutuloy siya sa komedor, tila nangangapang aapuhin ang "switch" at bubuksan ang ilaw. Tutungo siya sa cabinet at may hahanapin. Matatabig niya ang isang bote ng gamot at ito'y mababasag. Magigising si Regina.)
**Regina**: (Parang naaalimpungatan) Sino iyan?
**Aida**: Ang gamot ko, Inay?
**Regina**: Si Tony? Wala pa?
**Aida**: Bakit po?
**Regina**: Bumili ng gamot. Anong oras na ba? (Makikita ang oras sa wall clock, kakabahan) Umaga na. Saan kaya nagsuot ang Antoniong iyon? (Mauupo) Sinabi naming dalian at kailangan –
**Aida**: Nakabasag ako, Inay.
(Makikita ni Regina ang nabasag na bote. Walang kibong kukunin ang walis na tambo at dustpan at dadakutin ang bubog.)
**Aida**: Hindi ako makatulog, Inay.
**Regina**: Gusto mo ba ng gatas?
**Aida**: (Tatango, nanlalambot na nakatingin sa lumapit na ina) May dugo kayo, Inay.
**Regina**: (Magugulat) Dugo?
**Aida**: Hayan.
**Regina**: (Titingnan ang damit, ang mga kamay) Saan?
**Aida**: (Nakaturo) O, hayan.
**Regina**: Ikakaskas ang kanang palad sa damit) Wala.
**Aida**: Parang nakita kong mayroon.
**Regina**: Wala.
**Aida**: Parang nakita ko.
**Regina**: (Naguguluhan) Wala. Ano ba iyong gagawin ko? A, gatas, gatas nga pala.
(Papunta sa may cabinet, kukuha ng termos, sa refrigerator, kukuha ng gatas.)
**Aida**: (Nakadukdok pa rin sa mesa) Lagi kong naiisip ang luma nating bahay.
**Regina**: (Dala ang gatas) Ano 'ka mo?
**Aida**: Ang ating lumang bahay, lagi kong naiisip, Inay.
**Regina**: Bakit?
**Aida**: (Nakasandal ngayon) Aywan. Basta – lagi ko lang naiisip. Parang – natatakot ako dito.
**Regina**: (Nakatingin sa palad) Bakit ka naman matatakot dito?

**Aida**: Sabi niya'y huwag raw tayong magsusumbong. Huwag raw kayong nagsusumbong. Ako, hindi ako natatakot kung ako. Pero baka – kayo – o si Ben – o si Kuya – kayo. Buti pa ako. Kung anu-ano ang naiisip ko Inay! At kasasama ng aking mga napapanaginip! Naparito raw siya – at – at – ang kanyang mga kasama. Marami silang dalang baril. Nasa eskuwela kayo – may pinuntahan si Tiya Ana – at pumasok si Ben. Kami lang dalawa ni Kuya ang naiwan. Pumasok sila. Pinaupo nila sa isang silya si Kuya - nakapaligid sila at siya, siya – siya'y may inaabot na bote ng lason kay Kuya. Inumin mo! Sabi niya kay Kuya. Inumin mo! Inumin mo! Itinutok niya ang baril sa – sa – ulo ni Kuya. Sinabi ko na sa inyong huwag kayong magsusumbong, nagsumbong pa rin kayo. Kaya inumin mo ito – inumin mo! Ayaw inumin ni Kuya. Nagmakaawa ako sa kanya. Pasensiya – pasensiya na kayo. Pasensiya na kayo. Anong pase-pasensiya? Nagsumbong kayo. Inumin mo! Pasensiya na kayo, pasensiya na kayo! Sabi ko.
**Regina**: (Aalihin ang anak) Iyang gatas mo, Aida. Huwag mong isipin iyan.
**Aida**: (Hahawakan ang baso nguni't ibababa rin iyon.) Inay, ininom ni Kuya ang lason!
**Regina**: Hindi nila aanuhin ang kuya mo.
**Aida:** Huwag naman sana nilang sasaktan, Inay!
**Regina**: Oo, hindi nila sasaktan.
**Aida**: (Nagpapahid ng labi) Ang bait-bait pa naman ng Kuya.
**Regina**: Mahal na mahal ka nga niya.
**Aida**: Mahal ninyo siya?
**Regina**: Oo, mahal ko siya.
**Aida**: (Maluma-lumanay na) Noon, noon, naiisip ko, kung – kung pipili ako ng mapapangasawa – lahat ay nag-aasawa, naiisip ko, Inay – kung pipili ako ng mapapangasawa, ang pipiliin ko'y kamukha niya. Mabait siya – at mapag-alala. Aywan ko, pagkamatay ni Itay, siya na ang para kong naging ama. Hindi ba't parang siya namang talaga, ha, Inay?
**Regina**: (*Balisa*) Oo, (*Mapapatingin sa may pinto*) Saan kaya nagsuot ang Toniong ito?
**Aida**: Ano'ng sinasabi ni Kuya tungkol sa nangyari?
**Regina**: (Parang mabibigla) Wala, wala namang sinasabi.
**Aida**: (*Mangingiti*) Kung pumapasok siya sa kuwarto at kinakausap ako, nahuhuli kong tinitingnan niya akong mabuti, nahuhuli ko. Nahuhulog pa ang salamin sa kanyang ilong. Ang lalim niyang tumingin! Sabi lang ni Tiya Ana'y pangit ang nakakunot ang noo, pero tingin ko, bagay na bagay pa nga kay Kuya.
(*Uubusin ang laman ng baso*)
**Regina**: Siya, siya panhik ka na.
**Aida**: (K*ikilos*) Kayo?
**Regina**: Hihintayin ko siya. Ano na kayang oras? (*Titingin sa wall clock*.)
**Aida**: Umaga na!
(*Papanhik si Aida. Maiiwan sa komedor si Regina, may nakalaylay ngayong mga hibla ng buhok sa noo. Nakatayo siya, wala na ang antok, parang namamalikmatang nakatingin sa pinto. Isang taksi ang pasagadsad na hihinto sa kanilang tapat. Mapapasugod si Regina sa pinto. Kakalampag ang pinto ng taksi. Iingit ang pintong bakal. Lalabas si Regina*.)
**Regina**: (*Sa labas*) Tony! Ano'ng nangyari sa iyo? Tony!
(*Papasok sila, halos yakap ni Regina si Tony na sapo ang duguang tagiliran. Mapapaupo si Tony sa sala, hawak ni Regina*.)
**Aida**: (*Makararamdam sa itaas*) Kuya!

**Regina**:  Napa'no ka?
(*Sesenyasan siya ni Tony na huwag mag-ingay*.)
**Tony**:  Aalis tayo rito, Inay.  Dali!  Gisingin ninyo sina Ben.
**Aida**:  (*Sa itaas pakalbog na manggigising*)  Tiya Ana!  Tiya Ana!
**Ben:**  Ben!
**Regina**:  Ano'ng nangyari, Tony?
**Tony**:  Binaril ko siya.
**Regina**;  Tony!
(*Magsisibaba ang mga nasa itaas na pawing manghihilakbot pagkakita kay Tony*.)
**Regina**:  Bakit mo ginawa iyon?
**Tony**:  Inisa-isa ko ang kanyang pinupuntahan.  Nakita ko silang nag-iinuman.  May mga kasama siya.
**Regina**:  (*Walang malamang gawin*)  Doktor, tumawag ka ng doktor, Ben!
**Tony**:  Taksi ang tawagin mo Ben.  Aalis tayo, Inay.  Aalis tayo.  Dali, Ben!  Darating sila!
(*Hindi malaman ni Ben ang gagawin, akmang tutungo sa pinto nguni't mamapatda sa kinatatayuan. Hawak-hawak ni Ana ang nanginginig at nininerbiyos na si Aida.*)
**Regina**;  (*Umiiyak*)  Tony, Tony, bakit mo ginawa iyon?
**Tony**:  Iyon lamang ang paraan, Inay.  Ano ka Ben?  Tiya Ana!  Kilos na!
**Ana**:  Saan tayo puputa?
**Tony**:  Sa Gagalangin – tayo na, tayo na!
**Ana**:  At akala mo ba'y hindi tayo masusundan doon?
**Tony**:  Masusundan.  Pero naroon na kayo't ako nama'y makaaalis na!
**Aida**:  Tayo na!  Tayo na sa Gagalangin!
**Ana**:  At saan ka pupunta?
**Tony**:  Sa Nueva Ecija, sa mga kamag-anak na magsasaka ni Itay.  Sa Tarlac, sa Pampanga, sa bundok!  Sa bundok! Ako'y mamumundok!
**Regina**:  (*Matatag*)  Hindi, Tony.  Hindi tayo aalis.  Susuko ka.
**Tony**:  Inay!
**Aida**:  Tayo na!
**Regina**:  (*Kakapkapin kay Tony ang baril*)  Ibigay mo sa akin ang baril.
**Tony**:  (*Pipigilin ang kamay ng ina*)  Kailangan ko ito, Inay.  Tiyak, tiyak nila akong papatayin. Madali silang makagagawa ng dahilan.
**Regina**:  (*Aagawin ang baril at ipapaloob sa damit-pambahay*) Susuko ka, Tony!
**Tony:** Inay, Inay –
**Regina**:  Ibang krimen ito kaysa nangyari kay Aida.
**Tony**:  At ako'y kriminal?
**Regina**:  Pinatay mo siya.

**Tony**:  "Huwag ninyong sasaktan ang sinumang balo o ulila ng mga bata," habilin ng Diyos kay Moses.  "Kapag sila'y inyong sinaktan sa anumang paraan at silang lahat ay tumawag sa akin, ang panawagan nila'y tiyak kong diringgin.  At ang poot ko'y maglalatang, at kayo'y papatayin ko sa tabak."  Naglalatang ang poot ng Diyos sa masasamang kamay na umagaw at humahamak ngayon ng kanyang tabak!  Sasabihin ninyong ako'y kriminal?  Saan, paano, kanino ako hihingi, hahanap at makapagtatamo ng katarungan?  Inay, ang kidlat ng Diyos ay ihahagis ng kamay ng nagapi at ang tabak ng hustisya ay itataga sa lipunan ng mga pinagkakaitan ng katarungan!
(*Maliban sa panginginig at abut-abot na paghingal ni Aida ay matatahimik silang lahat.  Sa labas, maririnig na ang mga sirena*.)
**Tony**:  Nariyan na sila!
**Regina**:  (N*akasunod sa anak*.)  Susuko ka, Tony!
(*May sisigaw sa labas na "Calderon, napapaligiran ka namin*.  *Sumuko ka!"*)
**Aida**:  Tayo na!  Tayo na sa Gagalangin!
**Regina**:  (*Kay Ben*)  Buksan mo ang pinto.
(*Bubuksan ni Ben ang pinto*.)
Maayos siyang susuko.  Halikayo, narito siya.)
(*Bunot ang mga baril, papasok ang mga pulis, karamiha'y nakauniporme, ang ila'y nakasibilyan at may taling panyo sa ulo*.)
Hayan siya.  (*Ituturo si Tony na nakatayo sa may komedor*.)  Maayos siyang susuko.
(*Papasok ang alkalde, bunot ang baril at nakatutok kay Tony*.)
**Aida**:  Kuya!
**Ana**:  Diyos ko!
**Regina**:  (*Nasa pagitan ng alkalde at ni Tony*)  Maayos siyang susuko, Mayor.  Hayan nariyan ang aking anak, arestuhin ninyo.  Maayos siyang susuko.
(*Pagtutulung-tulungan ng mga pulis si Tony.  May babaliti rito, may sisipa, may kakadyot*.)
**Aida**:  Kuya!
**Regina**:  Maayos siyang susuko!
**Alkalde**:  Ilabas, ilabas iyan!
**Regina**:  Diyos ko, ano'ng gagawin ninyo?
(*Dalawang pulis ang magtatayo sa nagpupumiglas na si Tony*.  *Pakaladkad itong hihilahin patungong pinto*.)
**Tony**:  Inay!
**Pulis I**:  Labas!  Labas!  (*Tutuhurin si Tony*.)
**Pulis II:**  Takbo na!
**Pulis III**:  Takbo, takbo na!
**Tony**:  (Nakapaluhod)  Inay!
**Pulis I**:  Takbo na!
**Pulis II at III**:  Takbo, Takbo! (*Pawawalan si Tony*)
(*Makalawang nakapagpapaputok si Regina bago maagaw ng isang pulis ang kanyang baril. Babagsak si Tony*.)
**Alkalde**:  Bakit mo binaril?
**Regina**:  Papatayin ninyo siya!
**Alkalde**:  Anong papatayin?
**Pulis I**:  Inaaresto naming siya!
**Pulis II**:  Dadalhin namin siya sa presinto!
**Regina**:  Makalabas na makalabas lamang ay papatayin na ninyo!
**Pulis III**:  Kalokohan!

**Regina**:  Ganyan ba, ganyan ba ang inyong katarungan?
**Pulis I**:  Paano'y nanlalaban!
**Regina**:  Nanlalaban?  Anong nanlalaban?
**Pulis II**:  *Resisting arrest!*
**Pulis III**:  Nagtatangkang tumakas!
**Regina**:  Nagtatangkang tumakas!  O?
**Alkalde**:  Pinatay niya ang aking anak!
**Regina**:  Kayo ang batas kapag inyong anak!
**Pulis I**:  Dadalhin naming siya sa husgado!
**Regina**:  Husgado!  Anong Husgado?
**Pulis III**:  Sa hustisya!  Doon naming siya dadalhin!
**Regina**:  Hustisya!  Hustisya!  Alam ba ninyo ang kahulugan ng hustisya?
(*Babaling sa Alkalde*)  Kayo, Mayor, alam ba ninyo ang kahulugan niyan?
(*Ubus-lakas siyang sasampalin ng Alkalde at siya'y babagsak*.  *Mapapayakap sa kanya si Ben*.)
**Ben**:  Putang-ina ninyong lahat!  Putang-ina ninyong lahat!
**Pulis I**:  (Kay Ben)  Tigil!  Tigil!
**Alkalde**:  Posasan ang babaing iyan!
**Pulis II**:  Posasan!
**Pulis III**:  Masyadong makatwiran!
**Regina**:  (*Umiling nakatingala sa Alkalde*)  Hindi ninyo nalalaman.  Malakas kayo, kayong lahat, lahat kayo!  Hindi ninyo nalalaman ang kahulugan niyan!
**Pulis I**:  Pinatay mo ang sarili mong anak!
**Pulis II**:  *Parricide!*
**Alkalde**:  Pananagutan mo ito.
**Pulis III**:  (*Hihiklatin si Regina kay Ben*)  Halika, halika, sa presinto!
**Pulis II**:  Doon ka makipagdebate!
**Alkalde**:  Dalhin ninyo!
**Regina**:  (*Napoposasang ilalabas*) O, dalhin ninyo ako kahit saan.  Sa presinto, sa korte, sa husgado, kahit saan!  Pananagutan ko ang pagkamatay ng aking anak.  (*Palakas*) Pinatay ko ang aking anak. Sasabihin ko sa lahat na pinatay ko ang sarili kong anak.  Pinatay ko ang aking anak!  Pinatay ko ang aking anak!
(Lalabas sila.  Maiiwan sina Ana, Ben, at Aida.  Kapwa nakatingin sa bukas na pinto sina Ben at Ana, sinusundan ng tingin ang mga nagsilabas.  Nakalupasay sa isang tabi si Aida at umiiyak.  Nasa kanyang kinabagsakan si Tony.  Sa labas, maririnig ang sirena.  Ang mapula at paikut-ikot na ilaw ng sasakyan ng mga pulis ay tumatama at parang nagkukulapol ng dugo sa bintanang salamin.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Nakilala mo ba ang mga tauhan?  Nasiyahan ka ba sa naging wakas?

### 3.  Linangin Mo…

#### a.  Pagsusuring Panglinggwistika

Sa ibaba, may mga nakatalang matatalinghagang pahayag mula sa akda.  Lagyan mo ito ng ☆ (star) kung tama ang kahulugang ibinigay batay sa pagkakagamit sa akda at

△ (tatsulok) kung mali ang kahulugan.

| Pahayag | Kahulugan | Simbolo |
|---|---|---|
| a. Umiwas siya sa nag-uusisang mga mata ng anak. | Iniwasan niya ang nang-uusig na mga mata. | |
| b. Unti-unti nang nawawala Ang mga marka ng dagok sa kanyang pigi. | Naglaho na ang marka ng hirap at kaapihang Sinapit niya. | |
| c. Alisin ang paghihiganti sa iyong isipan, ang ginawa Niya ay nasa kanya ng timbangan. | Nasa Diyos ang Kaparusahang laan sa nagkasala. | |
| d. "Dalhin ninyo ako kahit saan.  Pananagutan ko ang pagkamatay ng aking anak. Sasabihin ko sa lahat na ako ang pumatay sa sarili kong anak!" | Wala siyang kinatatakutan sa ginawa Niyang pagpatay sa anak. | |
| e. Sasabihin ninyong ako'y kriminal!  Saan?  Paano? Kanino ako hihingi, haharap at makapagtatamo ng katarungan?  Sino ang magbibigay? | Hindi niya pinaniwalaan dahil alam niyang wala namang katarungang makakamit kahit makipaglaban. | |

• Matapos mong mabigyang kahulugan ang mga **matatalinghagang salita**, mahalagang masuri mo ang mahahalagang pangyayari sa dula mula sa tagpuan patungo sa banghay. Gamitin mo ang tsart sa ibaba o ang **"Story Grammar"**. Mapapadali nito ang iyong gawain dahil may balangkas kang susundin. Basahin mong mabuti ang mga tanong sa bawat bahagi bago mo ito masimulan. Kayang-kaya mo ito!

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

| | |
|---|---|
| T<br>A<br>G<br>P<br>U<br>A<br>N | Tauhan<br><br>Pinangyarihan<br><br>Panahon |
| | Panimulang Pangyayari<br>(Anong pangyayari ang nagpasimula ng aksyon?) |
| B | REAKSYON<br>(Ano ang naging reaksyon / ginawa ng tauhan batay sa nangyari? |
| A<br>N<br>G | SULIRANIN<br>( Ano ang naging suliranin / layunin ng tauhan?<br><br>Pagtatangka<br>(Anong hakbang / mga hakbang ang ginawa ng tauhan upang malutas ang suliranin?) |
| H<br>A<br>Y | BUNGA<br>( Ano ang kinalabasan ng ginawang aksyon ng tauhan?<br><br>Damdamin<br>( Ano ang naging damdamin ng tauhan sa kinalabasan ng ginawa niyang aksyon? ) |
| | RESOLUSYON<br>( Paano nagwakas ang kuwento? ) |

Naibigan mo ba ang iyong ginawang pagsusuri sa nilalaman ng dula? Ngayon naman, pipiliin mo ang mga **pahiwatig** sa pahayag at bibigyan mo ito ng kahulugan.

Alam mo ba na ang **pahiwatig** ay mga ideya o anumang ibig ipabatid sa kapwa ngunit hindi sinasabi nang tuwiran o walang tiyak o maliwanag na pahayag?

Ngayong batid mo na kung ano ang pahiwatig , isagawa mo ang sumusunod na gawain sa ibaba.

- Isulat mo ang T kung tama ang kahulugan ng sumusunod na mga pahiwatigat M kung sa tingin mo ay mali.

| Mga Pahayag | Kahulugan |
|---|---|
| 1. Ang kidlat ng Diyos ay ihahagis ng kamay ng nagapi at ang kamay ng hustisya ay itataga sa lipunan ng mga Api | Ang paghihiganti ay nasa kamay ng Diyos. |
| 2. Ang ipanlalaban ninyo sa napakalaking bato'y ang inyong mga kuko. | Walang kalaban-laban |
| 3. "Akala ba ninyo'y mabibili ninyo ako? Layas! Layas! | May matatag na paninindigan sa ipinaglalaban. |
| 4. Alam ninyong sa pagtalon ay hindi ninyo maaabot ang kabilang pampang Pero pipilitin ninyo | Uubusin ang lakas sa pakikipaglaban. |
| 5. "Alisin ang paghihiganti sa iyong isipan, ang ginawa niya sa iyo ay nasa kanya ng timbangan. | Nasa Diyos ang paghihiganti dahil Panginoon ng katarungan ang Diyos |

Naging madali ba sa iyo ang pagpapakahulugan sa mga pahiwatig? Hindi ka ba nadala ng iyong emosyon? Ang sumusunod na gawain ay lalong makapagbibigay sa iyo ng kasiyahan.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Basahin at pag-aralan mo ang nasa loob ng kahon bago mo isagawa ang gawain sa bahaging ito. Makatutulong ito nang malaki sa iyong pang-unawa ukol sa iba't ibang kumbensyon ng dula.

Alam mo ba kung ano ang dula?

Ang dula ay akdang tuluyan na naglalahad ng isang kuwento ng dalawa o mahigit pang tao at ito'y itinatanghal sa mga dulaan o tanghalan.

Isa sa mga uri ng dula ay trahedya. Ito ay may nakalulunos o malungkot ang wakas. Ikinapapalooban ito ng mga mahihigpit na tunggalian. Ang mga tauhan ay pawang mapupusok at may maaapoy na damdamin na maaaring magtapos sa kamatayan o kalungkutan ng pangunahing tauhan.

Sa pagpapahalaga naman sa isang dula bilang isang akda, mahalagang mapagtuunan mo ng pansin ang paraang ginagamit ng manunulat sa pagpapahayag o paglalahad sa pagbubuo ng mga dayalog. Ang manunulat ng dula ay gumagamit ng iba't ibang paraan tulad ng soliloquy, aside at monolog. **Kumbensyon** ang tawag natin sa mga ito.

Ngayon mo lang ba narinig ang mga katawagang ito? Alam mo mayroon tayong iba't ibang kumbensyon.

Ang **kumbensyon soliloquy** ay paraan ng paglalahad o pagpapahayag ng dayalog na kung saan ang nagsasalitang tauhan ay mag-isa lamang sa tanghalan at walang iba pang tauhan ang nasa tanghalan, nakikinig man o hindi. Naglalaro na ba sa'yong isipan kung saan ito isinasagawa?

Ang **kumbensyong monolog** naman ay tumutukoy sa paraan ng paglalahad o pagdadayalog ng isang tauhan habang matamang nakikinig ang iba pa. Marahil nakapanood ka na nito.

Ang **kumbensyong aside** ay tumutukoy naman sa paraan ng paglalahad o apgdadayalog ng isang tauhan na nakaharap na tila ba ayaw marinig ng iba pang tauhan sa tanghalan ang kanyang mga sinasabi. Nakatutuwa kung mapapanood mong itanghal ang tatlong kumbensyong ito.

- Ngayong nabatid mo ang tungkol sa kumbensyon ng dula, isagawa mo naman ang sumusunod na gawain. Tiyak kong maaaliw ka rito. Piliin mo ang iyong magiging tugon sa mga pahayag sa loob ng kahon. Titik lamang ang iyong isulat.

- 1. Isulat mo sa loob ng “bubble speech” o kahon ang tagpo at bahagi ng dula na ang isang tauhan ay nagpapahayag ng isang mahalagang kaisipan o ideya samantalang ang ibang tauhan ay matamang nakikinig sa kanya.

- 2. Isulat mo naman ang pahayag at ang tauhan na tila bumubulong sa mga manonood ng kanyang sinasabi sa kabuuan ng dula.

- 3. Isulat mo ang dayalogo mula sa dula kung saan ang nagsasalitang tauhan ay mag-isa lamang sa tanghalan at walang iba pang tauhan ang nasa tanghalan, nakikinig man o hindi.

a. “Sasabihin ko sa kanilang lahat. Pakikinggan nila ako kapag nalaman nila ang lahat. Anak ito na ang pagkakataon ng hustisya.! Ano ang ibig mong mangyari? Huwag nang lumaban, iurong na ang demanda?”

b. “Dalhin ninyo ako kahit saan. Pananagutan ko ang pagkamatay ng aking anak. Sasabihin ko sa lahat na pinatay ko ang sarili kong anak!

c. “Akala ba ninyo’y mabibili ninyo ako? Layas! Layas!

4. Piliin mo ang titik ng angkop na pahayag na naglalarawan ng pagiging makapangyarihan ng tauhan sa binasa mong dula. Itapat mo ito sa pangalan na nasa tsart

| Tauhan | | |
| --- | --- | --- |
| Regina | Tony | Alkalde |
| | | |

a. “Kapag buhay ang inutang, buhay din ang magiging kabayaran! Ngayon, ito ang mga kahatulang nararapat nating sundin! “Mata sa mata, ngipin sa ngipin… apoy sa apoy… sugat sa sugat… latay sa latay… Ito ang aking gagawin! Gaganti ako! Ako ang gaganti sa kanya!

b. “Lawakan! Ang kay Itay ay isa lamang sa matagal at laganap nang kawalang katarungan!”

c. “Kapag sinaktan ng ibang bata ang ating anak, at tayo’y walang magawa sa nanakit sa kanya, di ba ibubuhos natin ang parusa sa ating anak? Ang sabi ninyo’y aarestuhin ninyo ang aking anak, ano ang inyong ginagawa?

d. “Dalhin ninyo ako kahit saan. Sa presinto, sa korte, sa husgado, kahit saan! Dalhin ninyo ako kahit saan. Pananagutan ko ang pagkamatay ng aking anak. Ako ang pumatay sa aking anak!

e. “Misis, kami’y naparito, unang-una’y para magdiskargo. Alam kong mabigat ang aking inilalapit sa inyo, kaya naman ako’y magpapakumbabang naparito sa inyo upang wika ngay’y ihingi ng tawad ang ginawa ng aking anak.

• Naging magaan ba sa iyo ang mga naihanda kong gawain? Maayos mo ba itong naisagawa? May bahagi bang nagpahirap sa iyo? Kung wala, hayaan mong maragdagan pa ang iyong kaalaman sa tulong ng mga gawaing magpapalawak at magpapalalim ng iyong kaisipan. Kung handa ka na, isagawa mo na.

d**. Halagang Pangkatauhan**

Sa gawaing ito, ang pagpapahalaga sa pagkakaroon ng katatagan sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay ay iyong malalaman. Madali lang ito. Lagyan mo ng tsek (√ ) sa tapat ng bilang ang nagpapakita ng katatagan sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay.

_________ 1. Diyos ang ginawang patnubay sa paglutas ng suliranin.

_________ 2. Humingi ng payo sa mga kaibigan.

_________ 3. Pinag-isipan ang tamang hakbang sa paglutas ng suliranin.

_________ 4. Pinagkibit ng balikat at tinawanan ang mga suliranin.

_________ 5. Sumangguni sa abogado.

_________ 6. Inisa-isa ang mga kailangan sa pagharap sa mga pagsubok.

_________ 7. Idinulog sa Panginoon ang kalutasan sa pamamagitan ng pagdarasal at pagsisimba.

Hingin mo ang susi ng sagot sa iyong guro at iwasto mo ang naging sagot mo sa mga gawain. Maging matapat ka sa pagwawasto.

**5. Palalimin mo…**

Dugtungan mo ang sumusunod na mga pahayag. Matapos kong mabasa ang dulang Moses, Moses at makilala si Regina

| |
|---|
| Nalaman ko na ang isang ina ay ___________ |

a. gagawin ang lahat para sa anak
b. makikipagpatayan alang-alang sa anak
c. laang mabilanggo para sa anak

| |
|---|
| Naramdaman ko na ang isang ina ay ___________ |

a. karugtong ng buhay ang anak
b. may pusong laang gawin ang lahat para sa anak
c. kapuso sa pagtutuwid ng kamalian ng anak

| |
|---|
| Masasabi ko na ang isang ina ay ______________ |

a. mapagmahal ngunit matapang
b. maunawain ngunit may hangganan
c. mapusok sa harap ng mga pagsubok sa buhay

Hingin mo ang susi ng sagot sa iyong guro at iwasto mo ang naging sagot mo sa mga gawain. Maging matapat ka sa pagwawasto.

**6. Gamitin Mo...**

Lagyan mo ng tsek **(√)** ang mga pahayag na sa tingin ay positibo at ekis (X) kung negatibo.

______1. Ang karapatan ng tao sa sarili, sa tahanan, sa pamayanan o sa bayan ay kailangang gamitin sa malinis na paraan.

______2. Kapag may katuwiran ipaglaban nang walang kinatatakutan.

______3. Walang mang-aapi kung walang nagpapaapi.

______4. Anuman ang kalagayan ng tao sa buhay-mahirap man o mayaman, kapag nagkasala sa batas ay nararapat parusahan.

______5. Ang hustisya o katarungan ay dapat manaig lamang sa mahihirap.

______6. Kung positibo ang ating pananaw sa buhay malalampasan ang lahat ng balakid sa buhay.

______7. Kung sakaling di natin makayanang dalhin ang problema tawanan na lamang ito.

• Tingnan ko kung mataas ang nakuha mong iskor sa gawaing ito. Muli mong hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong mga sagot.

Nabatid mo ang iba't ibang kumbensyon ng dula. Isa sa mga kumbensyon ng monologo. Kaugnay nito, isagawa mo ang sumusunod na gawain.

**7. Sulatin mo..**

Punan mo ng nawawalang salita ang bawat patlang upang makabuo ka ng isang monologo. Piliin mo ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

Itinuturing kong isang bangungot ang karumal-dumal na pangyayaring sinapit ng aking anak na babae.

Isang pangyayaring__1__ sa aking anak na lalaki na__2__. Bakit ganoon? Bakit kailangang__3__ang kawalang katarungan. Dahil ba sa sila'y__4__ at maimpluwensya sa__5__? Nasaan ang sinasabing__6__? Kailangan pa bang __7__para pakinggan? Hindi ako__8__! Lalaban ako saan man__9__! Nakahanda akong __10__ang aking buhay__11__sa__12__ng aming pamilya. Saan mo gustong__13__?__Sa hukuman o sa __14__.

| | | |
|---|---|---|
| a. magkita | f. ibuwis | k. malalakas |
| b. impyerno | g. alang-alang | l. lipunan |
| c. nagtulak | h. reputasyon | m. pumatay |
| d. hustisya | i. magmakaawa | n. makakapayag |
| e. makarating | j. naghahari | |

• Sa pagkakataong ito, matapat mong iwasto ang iyong gawain. Hingin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

Marami ka bang natutunan sa mga inihanda kong gawain? Natitiyak kong oo ang sagot mo. Tingnan ko kung talagang naunawaan mo ang araling ito. Isagawa mo ang sumusunod na gawain.

**8. Lagumin mo…**

Bumuo ka ng mga konseptong iyong natutunan sa araling iyong pinag-aralan. Mula sa mga susing salita sa loob ng mga kahon.

Paalipin, wala kung, walang magpapaalipin

Diyos, lahat, mata, tao, mayaman, walang, sa, magkakapantay, walang, mahirap, ang, ng, ay

Batas ng Katarungan ang Diyos

Sana maayos mong nabuo ang konsepto. Tingnan mo kung tama. Gamitin mo ang susi na nasa iyong guro.

## *Gaano ka na kahusay?*

Subukin natin kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutunan. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot sa bawat patlang.

1. Mababando rin na ang anak ng mayor ang gumahasa sa dalaga? Alin ang kasalungat na kahulugan ng may salungguhit?

   a. mabubulgar　　b. maililihim
   c. mawawala　　d. maitatago

2. Pagak ang boses nang sumagot ang anak sa kanyang ina. Ang nasasalungguhitan ay nangangahulugan

   a. buo　　b. paos
   c. basag　　d. malat

3. "Akala ba ninyo'y mabibili ninyo ako? Layas! Layas! Mahihinuha na ang nagsasalita ay

   a. May matatag na paninindigan sa kanyang ipinaglalaban
   b. May matigas na puso
   c. Walang takot sa malalakas
   d. May paniniwalang makakamtan ang katarungan

4. “Ang demanda ninyo’y mananatiling demanda lamang sapagkat ang idinedemanda ninyo’y malalakas.” Ipinahihiwatig ng pahayag na

   a. Walang mangyayari sa demanda ng mahina laban sa malakas
   b. Walang karapatang magdemanda ang mahirap laban sa mayaman.
   c. Walang pinapanigan ang batas.
   d. Mananaig ang katarungan para sa mga naaapi.

5. “Sasabihin ko sa kanila ang lahat. Pakikinggan nila ako, kapag nalaman nila ang lahat. Anak ito na ang pagkakataon natin sa hustisya! Ano ang ibig mong mangyari? Huwag nang lumaban, iurong na ang demanda? Ang pahayag ay matatawag na

   a. monologo
   b. soliloquy
   c. aside
   d. diyalogo

6. Ang binasang akda ay naglalarawan ng mga pangyayari na nagaganap sa

   a. panaginip
   b. pelikula
   c. guniguni
   d. tunay na buhay

7. – 8. Sa paglutas ng problema, mahalaga rin ang pagkakaroon ng

   a. pagtitiwala sa sarili
   b. pagkaawa sa sarili
   c. bukas na pag-iisip
   d. bukas na palad

9. Magkakaroon ng kapanatagan, kaligtasan, katiwasayan at kaunalran sa bayan kung ang mga gumagawa ng kasamaan ay

   a. huhulihin
   b. ikukulong
   c. parurusahan
   d. pagmumultahin

10. Dapat ding pahalagahan ng pamahalaan ang _____ ng mga mahihirap

   a. karapatang pantao
   b. kalagayang panlipunan
   c. karapatang pangkalusugan
   d. karapatang pansarili

Mataas ba ang puntos na iyong nakuha? Kung ang nakuha mong puntos ay 7-10, maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul. Kung 6 naman pababa, isagawa mo pa ang susunod na gawain.

## VI. Paunlarin mo…

Isagawa mo ang mga sumusunod sa ilalim ng gawaing ito.

1. Magbigay ka ng dalawang mahahalagang kaisipan na iyong natutunan sa araling ito.

2. Bumuo ka ng slogan na binubuo ng dalawang (2) linya ukol sa pagiging matatag sa pagharap ng mga pagsubok. Ang bawat linya ay binubuo ng 14-18 na pantig.

Kung malapit ang sagot mo sa susi, bigyan mo ito ng kaukulang puntos. Kung hindi, subukin mo pang ayusin o palitan.

**Modyul Bilang 2**
**Susi sa pagwawasto**

## *Ano ang matututunan mo?*

| | |
|---|---|
| 1. b | 6. b |
| 2. b | 7. c |
| 3. d | 8. a |
| 4. a | 9. a |
| 5. a | 10. b |

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**Alamin Mo…**

1. d
2. a
3. b
4. e
5. c

**Pagsusuring Pampanitikan**

1. b
2. c
3. a
4. Regina - c, d
   Tony - a, b
   Alkalde - e

**Halagang Pangkatauhan**

1. √
2. -
3. √
4. -
5. √
6. √
7. √

**Linangin Mo…**

a. △

b. ☆

c. ☆

d. ☆

**Palalimin Mo…**

1. a
2. a
3. a

**Pagsusuring Pangnilalaman**

1. T
2. T
3. T
4. T
5. T

**Gamitin Mo…**

1. √
2. √
3. √
4. √
5. X
6. √
7. √

**Pagsusuring Pangnilalaman**

| | |
|---|---|
| T A G P U A N | Tauhan - Tony, Regina, Alkalde, Ana, Aida, Ben<br><br>Pinangyarihan - Sa Apartment<br><br>Panahon - kasalukuyang pangyayari |
| | Panimulang Pangyayari – ang pagsasamantala kay Aida<br>(Anong pangyayari ang nagpasimula ng aksyon?) |
| B | REAKSYON<br>(Ano ang naging reaksyon / ginawa ng tauhan batay sa nangyari?) nagsampa ng demanda si Regina |
| A N G | SULIRANIN<br>( Ano ang naging suliranin / layunin ng tauhan?) Paano niya makakamit ang hustisya kung ang mga kalaban ay makapangyarihan<br>Pagtatangka<br>(Anong hakbang / mga hakbang ang ginawa ng tauhan upang malutas ang suliranin?) ang magdemanda, patayin ang nagkasala |
| H A Y | BUNGA<br>( Ano ang kinalabasan ng ginawang aksyon ng tauhan?) Patayin niya ang Sariling anak kaysa iba pa ang makapatay<br><br>Damdamin<br>( Ano ang naging damdamin ng tauhan sa kinalabasan ng ginawa niyang aksyon? )makukulong si Regina dahil sa ginawang pagpatay sa anak. |
| | RESOLUSYON<br>( Paano nagwakas ang kuwento? ) |

**Sulatin mo…**

| | |
|---|---|
| 1. c | 8. n |
| 2. m | 9. e |
| 3. j | 10. f |
| 4. k | 11. g |
| 5. l | 12. h |
| 6. d | 13. a |
| 7. I | 14. b |

**Lagumin mo…**

- **Walang paalipin, kung walang magpapaalipn**
- **Sa mata ng Diyos, ang lahat ng tao'y magkakapantay-pantay, walang mahirap, walang mayaman**
- **Diyos ang Batas ng Katarungan**

## *Gaano ka na kahusay?*

| | |
|---|---|
| 1. d | 6. d |
| 2. b | 7. a |
| 3. a | 8. c |
| 4. a | 9. c |
| 5. a | 10. a |

**Paunlarin mo…**

1. **Huwag mong ilagay ang batas sa iyong mga kamay Sa harap ng mga pagsubok sa buhay, kailangang maging matatag**
2. **Sa harap ng mga pagsubok na dumarating sa ating buhay, Diyos ang pumapatnubay at sa atin ay dumaramay.**

Unang Markahan

| Modyul Bilang 2 | Mga Kasanayan | | | | Pamagat | Genre |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pagsasalita | Pagbasa | Pampanitikan | Pagsulat | | |
| | Naibibigay ang mahalagang pangyayari sa akda<br><br>Napatutunayan ang kahalagahan ng katatagan at kahinahunan sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay | Nabibigay-Kahulugan ang mga piling salita at pahayag na ginagamit sa akda<br><br>Nahihinuha<br><br>ang mga Pahiwatig na pahayag sa akda at Nabibigayang Kahulugan | Nasusuri ang dula batay sa iba't ibang kumbensyon | Nakasusulat ng isang monologo na naglalahad ng solusyon sa problemang panlipunan at<br><br>pampulitikang kinakaharap ng bansa | Moses, Moses | dula |